
4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan- Modyul 7:

## Kapuluan: Dulot ay Kaunlaran



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 7: Kapuluan: Dulot ay Kaunlaran**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Emma Aycardo Jadie
**Editor:** Jerry P. Ramirez
**Tagasuri:** Ana N. Calisura
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Edsel D. Doctama
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilani R. Lorico
Imelda R. Caunca
Marites B.Tongco

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan- Modyul 7:

Kapuluan: Dulot ay Kaunlaran

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling_**Kapuluan: Dulot ay Kaunlaran!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling_**Kapuluan: Dulot ay Kaunlaran!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |

| | |
|---|---|
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Mapapatunayan sa modyul na ito na ang Pilipinas ay isang kapuluan. Binubuo ito ng malalaki at maliliit na pulo. May mga kagandahang dulot ang pagkakaroon ng maraming pulo ng isang bansa. Pero sa isang banda, mayroon din itong di-kagandahang dulot.

Sa modyul na ito ay malalaman mo kung gaano nga ba kahalaga ang pagiging isang kapuluan ng Pilipinas. Paano nga ba nakatutulong sa pag-unlad ng isang bansa ang mga katangiang pisikal nito?

**Pamantayang Pangnilalaman**

Naipamamalas ang pang-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal gamit ang mapa.

**Pamantayan sa Pagganap**


Ang mag-aaral ay naipamamalas ang kasanayan sa paggamit ng mapa sa pagtukoy ng iba't ibang lalawigan at rehiyon ng bansa.

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Pagkatapos mong basahin ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Naiisa-isa ang mga katangiang pisikal ng bansa;
2. Naiuugnay ang kahalagahan ng katangiang pisikal sa pag-unlad ng bansa;
3. Nakapagbibigay ng konklusyon tungkol sa kahalagahan ng mga katangiang pisikal sa pag-unlad ng bansa.

Ano-ano ang katangiang pisikal ng bansa na maaari mong ipagmalaki? Pagmasdan mo ang mapang pisikal ng Pilipinas.




Mapang Topograpiya ng Pilipinas



## *Subukin*

Bago mo simulan ang modyul na ito, subukan mong sagutin ang ilang katanungan tungkol sa katangiang pisikal ng Pilipinas. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. Paano mo mapapatunayan na ang Pilipinas ay isang arkipelago?
   A. binubuo ng maraming pulo
   B. maraming katubigan
   C. may malawak na lugar
   D. may malaking kagubatan

2. Ang _______________ ay isang anyong lupa na napapaligiran ng anyong tubig.

   A. arkipelago B. pulo D. lupa D. Pilipinas

3. Ang mga kapatagan ay angkop sa pagtatanim ng mga ________.
   A. palay, mais, mani, tubo,
   B. tabako, abaka, pili, strawberry
   C. pechay, repolyo, kangkong, gabi
   D. mangga, mahogany, narra, bakawan

4. Alin sa mga sumusunod ang maaring magsilbing panangga sa mga bagyong dumarating sa ating bansa?
   A.matatarik na mga bangin
   B.mahahabang bulubundukin
   C. malalawak na mga kapatagan
   D. matataas at aktibong mga bulkan

5. Ang mga bulkan na bagaman ay mapanganib pero maaari ring magsilbing _________ dahil sa mga angkin nitong kagandahan.

   A. pasyalan B. libingan C. dausan ng konsyerto D. pahingahan

6. Sa anong aspeto maaaring makatulong sa pag-unlad ang mga naggagandahang anyong tubig at anyong lupa ng Pilipinas?

   A.turismo B. kalusugan C. edukasyon D. kapayapaan

7. Ang pagkakaroon ng iba't ibang anyong lupa at anyong tubig sa Pilipinas ay may malaking ambag sa ________________.
   A. pagbagsak ng ekonomiya ng bansa
   B. pagdami na populasyon ng bansa
   C. pagtaas ng bilang ng krimen sa bansa
   D pag-unlad ng bansa lalo na sa larangan ng turismo

8. Ano ang magandang naidulot ng pagiging masagana ng bansa sa mga katangiang pisikal?

   A.kamalasan B. kaunlaran C. kakulangan D. kahirapan

9. Bakit maraming dayuhan ang pumupunta sa Pilipinas?
   A. dahil sa likas na kagandahan nito
   B. dahil maraming magagandang Pilipina dito
   C. dahil maraming malalaking gusali sa bansa
   D. dahil marami ang bilang ng populasyon sa Plipinas

10. Ano ang magandang epekto ng pagkakaroon natin ng malawak na katubigan?
   A. Ito ay mainam para sa pagbabangka o pagbibiyahe.
   B. Ito ay maaaring maging daanan ng mga kalakal.
   C. Ito ay maaaring pagkakitaan sa pamamagitan ng pangingisda.
   D. Lahat ng nabanggit ay tama.

# Aralin 1 Kahalagahan ng Katangiang Pisikal sa Pag-unlad ng Bansa

## *Balikan*

Bago ka magpatuloy, balik-aralan mo muna ang tungkol sa mga anyong tubig at anyong lupa ng ating bansa.


**IMATCH MO KO**

Pagtambalin ang hanay A sa hanay B. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| ____1. Isang mataas na anyong lupa ngunit may butas sa gitna at naglalabas ng mainit na *lava* | A. talampas |
| ____2. Anyong lupa na mas mababa kaysa sa bundok at bulkan. | B. pulo |
| ____3. Anyong lupa na patag o pantay at malawak. | C. kapatagan |
| ____4. Anyong lupa na napapaligiran ng tubig | D. burol |
| ____5. Isang anyong lupa na patag ang ibabaw | E. bulkan |

**AH MAZE ME**

Saan matatagpuan ang mga anyong tubig? Hanapin sa pamamagitan ng isang **MAZE.** Bakatin ito gamit ang iyonh kamay at isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.



## *Tuklasin*

Ayusin ang *jumbled letters* para mabuo ang mga salita.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | A | T | K | G | I | A | N | A | N |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| L | A | K | S | P | I | I |

Ano ang nabuo mong mga salita?

Alam mo ba kung ano-ano ang katangiang pisikal ng Pilipinas?

Ang katangiang pisikal ay tumutukoy sa panlabas na anyo ng isang bansa. Napapaloob dito ang mga anyong kalupaan at katubigan ng bansa.

Ang Pilipinas ay isang arkipelago. Ang arkipelago ay isang anyong lupa na binubuo ng malalaki at maliliit na mga pulo. Ang pagiging arkipelago ng bansa ay may malaking pakinabang sa pag unlad nito.

Lubhang napakahalaga sa isang bansa ang pagiging isang kapuluan nito.

1. Ano-ano kaya ang katangiang pisikal ng bansa na maaari mong ipagmalaki?

2. Ano-ano kaya ang kahalagahan ng pagiging kapuluan ng Pilipinas?

Ngayon ay handa ka na para tumuklas ng panibagong mga kaalaman. Pag-aralan ang sumusunod na impormasyon tungkol sa mga katangian pisikal ng Pilipinas at ang kahalagahan nito sa pag-unlad ng bansa.

## *Suriin*

Pilipinas → Isang arkipelago → Isang anyong lupa na binubuo ng malalaki at maliliit na mga pulo

Ang pagiging arkipelago ng bansa ay may malaking pakinabang sa pag-unlad ng bansa.

**kapatagan**

Matatagpuan ang malalaking taniman palay, tubo, at mais

**bulubundukin**

nagsisilbing panangga sa mga bagyo

**bulkan**

nagsisilbing pasyalan

**dalampasigan, ilog, lawa, talon**

Piknikan
Pangisdaan
Nagbibigay saya lalo na sa panahon ng tag-init

Ang pagiging masagana ng bansa sa mga katangiang ito ay nagbibigay ng malaking pakinabang sa kaunlaran ng pamahalaan. Sa paanong paraan kaya?

**TURISMO**

mayaman ang katubigan na maaaring pagkakitaan katulad ng pangingisda, pagbabangka, at pagbibiyahe

Anyong lupa ay nagkaroon ng iba't ibang pakinabang na naging kaagapay sa pagsulong ng kaunlaran gaya ng pagsasaka at transportasyon sa kapatagan.

Napaunlad nito ang ugaling Pilipino gaya ng pagiging matatag at determinado, masipag, may pagkakaisa at pagtutulungan, may malasakit sa kapuwa, at may takot sa Diyos.

Kumusta ang iyong pagbabasa sa mga impormasyon tungkol sa katangian pisikal ng Pilipinas?

Sikapin mong ihalintulad ang iyong mga kasagutan sa iyong mga hinuha sa bahaging **Tuklasin**.

1. Ano-ano ang katangiang pisikal ng bansa na maaari mong ipagmalaki?
2. Anu-ano ang kahalagahan ng pagiging kapuluan ng Pilipinas
3. Ano ang turismo?
4. Paano ito nakakatulong sa pag-unlad ng bansa?

Ngayon ay handa ka na ba para sa mga susunod na gawain?

Hanapin sa loob ng **WORD BINGO** ang mga salitang may kinalaman sa kahalagahan ng pagkakaroon ng Pilipinas ng iba't ibang anyong katubigan.


Isulat lamang ang bilang ng salitang mahahanap mo sa iyong sagutang papel.

| B | I | N | G | O |
|---|---|---|---|---|
| 3<br>Taniman | 30<br>Dagat | 45<br>Pangisdaan | 47<br>Paliparan | 75<br>Kapatagan |
| 9<br>Languyan | 19<br>Palikuran | 33<br>Barko | 50<br>Tanawin | 70<br>Ruta ng<br>Kalakalan |
| 15<br>Bingwit | 21<br>Daungan | 39<br>Kayamanan | 55<br>Daanan | 69<br>Kalasag |
| 5<br>Isda | 16<br>Paliparan | 40<br>Dinarayo | 49<br>Pasyalan | 65<br>Panangga |
| 13<br>Tubig | 25<br>Bagyo | 35<br>Pahingahan | 60<br>Panangga<br>sa bagyo | 61<br>Kaunlaran |

B__________ I__________ N__________ G__________ O__________

## A. FILL ME

Punan ang *Fact Storming Web* ng mga kahalagahan ng pagkakaroon ng Pilipinas ng malalawak, malalaki, at matataas na mga anyong kalupaan.



## B. KONSEP2KOY

Tukuyin ang mga paglalarawan sa ibaba. Hanapin sa *scroll* at isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

*Mayon Volcano* *Underground River*

*Pagsanjan Falls* *Bangui Windmills* *Banaue Rice Terraces*

1. Ito ay bantog dahil sa malawak na katubigan sa loob ng kweba. Kilala rin ito sa tawag na Puerto Princesa Subterranean River National Park na matatagpuan sa Puerto Princesa, Palawan.

2. Ito ay tinatawag ding Hagdan-Hagdang Palayan na matatagpuan sa Banaue, Ifugao na itinuring bilang Ikawalong Kahanga-hangang Pook sa Mundo.

3. Ito ay isa sa pinakabantog na talon sa Pilipinas dahil sa taglay nitong kagandahan. Maraming turista ang nagnanais na mapuntahan ang lugar na matatagpuan sa lalawigan ng Laguna.

4. Hinahangaan ang ganda ng bulkang ito. May perpektong hugis tatsulok ito at matatagpuan sa Legazpi, Albay.

5. Isa ito sa itinuturing na pinakamalaking "wind farm" na matatagpuan sa Bangui Ilocos. Ito ang nagsusuplay ng kuryente sa Ilocos.

## *Isaisip*

A. Palitan ang mga simbolo ng mga salitang katumbas nito upang mabuo ang mga konseptong dapat mong laging isaisip tungkol sa paksang iyong napag-aralan. Isulat ang mga konseptong nabuo sa iyong sagutang papel.

1. Ang Pilipinas ay isang ____________.
2. Ang ____________ ay isang anyong lupa na binubuo ng malalaki at maliliit na mga pulo.
3. Binubuo ang bansa ng malalawak na ____________, mahahabang ____________, nakabibighaning mga ____________ at bulkan, napakagandang mga ____________ nakahihikayat na mga ____________ at ____________ at malalaki at maliliit na mga ____________.
4. Malaki ang pakinabang ng bansa sa ____________ nito.
5. Maraming magagandang tanawing dulot ng ____________ ng bansa ang dinarayo ng mga ____________.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | katangiang pisikal | | arkipelago |
| | kapatagan | | turismo |
| | kabundukan | | bulubundukin |
| | talon | | dalampasigan |
| | kapuluan | | pulo |
| | Ilog | | turista |

B. Mahalaga ba ang katangiang pisikal ng Pilipinas? Bumuo ng konklusyon na nagpapahayag ng kahalagahan ng mga katangiang pisikal ng Pilipinas sa pag- unlad nito. Isulat ito sa iyong sagutang papel.



## *Isagawa*

Gumawa ka ng islogan gamit ang mga salitang nakasulat sa mga strips upang maipakita ang iyong pagpapahalaga sa mga katangiang pisikal na nakikita mo sa iyong paligid?

| | | |
|---|---|---|
| Kapuluan | Katubigan | Kapaligiran |
| Kaunlaran | Kayamanan | Dulot |
| Hanapbuhay | Kahalagahan | Katangiang Pisikal |

## *Tayahin*

**A. FACT or BLUFF**

Isulat ang **FACT** kung ang kalagayan ay nagsasaad ng kahalagahan ng katangiang pisikal ng Pilipinas at isulat ang **BLUFF** kung hindi. Ilagay ang iyong sagot sa sagutang papel.

_____1. Nakatira sa tabing-dagat ang mag-anak ni Mang Joselito. Araw-araw siyang nanghuhuli ng isda upang may maibenta. Dahil ditto, napagtapos niya ang kaniyang mga anak sa pag-aaral.

_____2. Madalas daanan ng bagyo ang lugar nina Emma. Ang bahay nila ay malapit sa mga bukubundukin. Dahil dito, ang bahay nila ay ligtas dahil nagsisilbing panangga sa bagyo ang mga bundok.

_____3. Maraming naninirahan sa may baybayin ngunit hindi ligtas sa tuwing may nagbabadyang *storm surge*.

_____4. Ang inyong lugar ay may malawak na kapatagan. Maraming mga magsasaka ang nagiginhawahan dito dahil mainam ito na taniman ng palay .


_____5. Maganda ang Bulkan Mayon ngunit nagdadala ito ng panganib sa tuwing pumuputok.

**B.** Ibigay ang kahalagahan ng sumusunod na mga katangiang pisikal sa pag-unlad ng bansa. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Katangiang Pisikal | Kahalagahan |
|---|---|
| 1. Malatsokolateng bulubundukin | |
| 2. Mabuhanging dalampasigan | |
| 3. Bulkang perpekto ang hugis | |
| 4. Rumaragasang tubig sa talon | |
| 5. Malawak na kapatagan | |

## *Karagdagang Gawain*

**A.**




**B.**

Iguhit sa iyong sagutang papel ang katangiang pisikal ng inyong lugar. Sa ibaba nito, iguhit din kung paano ito nakatutulong sa pag-unlad ng bansa.

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**
1. A
2. B
3. A
4. B
5. A
6. A
7. D
8. B
9. A
10. D

**BALIKAN**

**A.**
1. E
2. D
3. C
4. B
5. A

**B.**
1. B
2. A
3. C

**TUKLASIN**

KATANGIANG PISIKAL

**PAYAMANIN A. WORD BINGO**

B-9
I-21
N-45
G-49
O-70

**B.FILL ME**
1. TANIMAN
2. PASYLAN/ LIBANGAN/
3. PASYALAN
4. PANANGGA SA BAGYO

**PAYAMANIN**

**C. KONSEP2KOY**
1. UNDERGROUND RIVER
2. BANAWE RICE TERRACES
3. PAGSANJAN FALLS
4. MAYON VOLCANO
5. BANGUI WINDMILLS

**ISAISIP**

**1.** Kapuluan
2, arkipelago
3. kapatagan, bulubundukin, kabundukan, dalampasigan, ilog, talon, Pulo
4. turismo,
5. katangiang pisikal , turista, bansa

B. Answers may vary (Accept possible answers)

**ISAGAWA (accept possible answers)**

**PAGTATAYA**

**FACT or BLUFF**

| A | B. |
|---|---|
| 1. FACT | 1. FACT |
| 2. FACT | 2. FACT |
| 3. FACT | 3. FACT |
| 4. BLUFF | 4. BLUFF |
| 5. BLUFF | 5. FACT |

**C.**
1. Panangga sa bagyo
2.pasyalan/libanagan/ pahingahan
3. pasyalan
4.Languyan/ libangan/ pasyalan/ tanawin/ planta ng kuryente
5. taniman/sakahan

## *Sanggunian*

Sanggunian : Learner's Material, pp. 108–114
K to 12, AAAP4AAB-Ii-j-12; AP4AAB-Ij-13

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph